# T A K D A

## Maikling Kwento

## ni

## Massuline Antonio D. Ligaya

# T A K D A

Matagal-tagal na ring walang kibo't imik si Alfred. Nakatayo siya sa tabi ko na parang estatwa at ang mga mata nitong binabalungan ng tahimik na luha ay titig na titig sa maamong mukha ng kanyang asawang si Monica.

Kaunti pa lamang ang nagbago sa anyo ni Monica. Bakas pa rin sa mukha n'ya ang kanyang kagandahan. Mala-anghel pa rin ang kanyang mukha subalit ang dating maumbok at mapupulang labi niya'y parang natuyot, pagkatuyot na hindi naikubli ng makapal na lipstick. Wala ng buhay ang mga labing sinilayan ng matatamis na ngiti na bumihag sa puso ni Alfred at siyang nagbigay ng inspirasyon sa kanya upang mabuhay at mangarap. Ang dati mang mala-rosas na mga pisngi ng kanyang kabiyak na gusto-gusto niyang dampian ng mga nakaw na halik ay naging maputla na. Maging ang ning-ning sa mga mata ni Monica ay hindi na muling masisilayan pa ni Alfred. Ang mga matang iyon ay hindi na kaylan man muli pang mumulat…ang mga matang para kay Alfred ay ang kanyang araw at buwan na nagbibigay ng liwanag upang masilayan nito ang makulay na mundo at ang kagandahan ng buhay.

Kahanga-hanga ang pagmamahal at debosyon ni Alfred kay Monica. Sa kanya na uminog ang kanyang buhay. Lahat ng gusto ni Monica'y ibinibigay nito, lahat ng sinasabi ay sinusunod. Minsan nga'y napagkakamalan ko na "under de saya" si Alfred..

Nang minsang ibunulong ko ang obserbasyon kong iyon kay Emily eh hindi sumangayon ang aking kabiyak. Mapagmahal at karinyoso lamang daw talaga si Alfred. Dugtong pa niya'y naiingit daw s'ya minsan kay Monica at pabirong sinabi na sana gayahin ko ang istilo ni Alfred.

Nakangiti man si Emily nang sabihin iyon ay parang may kaunting kurot sa damdamin ko ang biro n'yang iyon. Hindi naman iyon ang unang pagkakataon na naikumpara ako kay Alfred. Madalas nangyayari ang ganun at madalas na sa bandang dulo ay sinasabi nilang mas

nakakahihigit s'ya sa akin. Ayos lang sa akin iyon, hindi ako nagdaramdam dahil mahal ko ang kapatid ko. Si Alfred ay ang bunso namin. Tanging kaming dalawa na lamang ang nasa Pilipinas. Ang mga magulang namin ay kinuha na ng aming ateng nurse na isa nang Canadian citizen. Minsan kada dalawang taon ay nagbabakasyon kami doon.

Ang totoo ay lamang naman talaga si Alfred sa akin sa napakaraming bagay. Hindi nagkakalayo ang hitsura namin dahil pareho kaming kamukha ng aming ama. Halos magkasingtanggkad din kami. Mas matipuno nga lang ang kanyang pangangatawan dahil masipag siyang mag-work out. Mas matalino at madiskarte din ang kapatid ko. Kaya nga madaling umasenso sa buhay. Iyon nga lang, isa s'yang risk-taker, hindi lamang sa pagnenegosyo kundi sa ibang bagay man….katulad sa pagmamaneho. Masyadong kaskasero si Alfred. Mapa kotse o motor sa kalsada o speed boat o water jet ski sa may ilog. Hindi nakapagtatakang lahat ng pelikula sa "Fast and Furious" series ay pinanood nito.

Maswerte rin naman si Alfred sa dahilang hindi rin matatawaran ang pagmamahal ng kanyang kabiyak sa kanya. Wala na ring hahanapin pa si Alfred kay Monica. Taglay nito ang mga katangiang hinahanap ng isang lalaki sa isang asawa. Isa rin s'yang uliran ina. Ang sabi nga ng mga kaybiga't kakilala namin ay sadyang nakalaan sila para sa isa't-isa.

Bigla tuloy sumagi sa isipan ko ang sinabi minsan sa akin ni Alfred na nakaguhit sa kanilang mga palad na sila'y magtatagpo't magigiging mag-kabiyak. Kinontra ko ang sinabing iyon ng kapatid ko noon. Ang wika ko'y, "Walang kinalaman ang kapalaran sa kung ano man ang kinahinatnan at kahihinatnan ng inyong pagsasama."

At doon muling nagsimula ang mahaba naming diskusyon tunkol sa kapalaran o tadhana ng tao. Libong beses na marahil mula noong kami'y mga musmos pa lamang na humangtong sa isang debate ang hindi namin pagsang-ayon sa sinasabi ng bawat isa. Magkataliwas ang pananaw naming ni Alfred sa maraming isyu at bagay.

Hindi tinanggap ni Alfred ang paliwanag ko na ang tao ang gumagawa ng sarili nilang

tadhana't kapalaran. Ang kalahatan ng mga desisyong ginagawa ng isang tao sa buhay ay magdidikta sa kanyang kakahinatnan at s'ya ring huhubog sa kanyang kinabukasan. Sa sinabi kong iyon ay kinwestyon ng aking kapatid ang pagiging Kristyano ko. Bakit hindi daw ako naniniwala na bago pa man isilang ang tao ay may kapalarang nakaguhit na sa kanyang palad. Naniniwala ang kapatid ko na ang Panginoong Diyos ang nagtatakda nito. Para sa kanya ay nang ang tao'y isilang sinimulang pagulungin ng Lumikha ang gulong ng kanyang kapalaran. Hindi raw kayang pigilin ng tao ang pagikot ng gulong ng kanyang palad, minsa'y papaibabaw siya't minsan nama'y papailalim dito.

At sa pagkakataong iyon ay pwede kayang sabihin ni Alfred na tila natumbok sya't nagulungan ng gulong ng kanyang kapalaran. Tila hindi maganda ang nakaguhit na tadhana sa kanyang palad. Ang babaeng sinasamba't pinakamamahal n'ya ay mabilis binawi nang nagpahiram ng buhay at sa isang masaklap na paraan. Kung may pampalubag sa kalooban ni Alfred at dapat n'yang ipagpasalamat ay iyong nailigtas n'ya ang kanilang anak na si Charlene. Kung hindi ay dalawang kabaong ang nasa harapan namin sa pagkakataong iyon.

"Halika Alfred, maupo muna tayo kahit sandali." Ang bulong ko sa aking kapatid.

Matagal-tagal na rin kaming nakatayo, halos dalawang oras mula nang ilagay ng mga taga-punenarya ang katawan ni Monica sa kabaong. Nagsimula nang mangalay ang mga paa ko.

Bahagyang tumango lamang si Alfred bilang tugon ngunit tila ayaw nitong maupo. Pinisil ko nang bahagya ang kanyang balikat bago ako umalis sa tabi n'ya.

Noon ko lang napansin na halos hating-gabi na pala. Marami-marami na rin sa aming mga kapitabahay at mga kaybigan ang nagsidatingan upang damayan kami sa aming pagdadalamhati. Merong nakapwesto sa malaking tent sa hardin at may ilang nasa terrace at sa sala.

Wala akong nadidinig na nag-uusap. Tahimik ang lahat. Tanging ang mga yabag ng

mga naglalakad at mga impit na hikbi ng mga ilang kababaihang nandoon ang tanging nauulinigan ko. Bakas sa kanilang mga mukha at paggalaw ang magkahalong pagkabigla at kalungkutan sa trahedyang pinagdaanan ng pamilya ng aking kapatid. Nabalitaan nila ang nangyari at tiyak akong ang karamihan sa kanila'y nasaksihan pa ito.

Naghanap ako nang mauupuan. Natanaw kong magkatabi sa mahabang sofa sina Emily at Charlene. Dahan-dahan akong lumapit sa kanila.

Nakaakbay ang asawa ko kay Charlene at masuyo nitong hinahagod ang buhok ng bata. Parang nadudurog ang puso ko habang nakikita kong umaalon sa matinding emosyon ang mga marurupok na balikat ng aking pamangkin. Ang mga butil ng luhang umaagos sa kanyang mga mata ay parang palasong tumitimo sa aking puso.

Nakahilig ang ulo ni Charlene sa braso ng aking asawa. Ang mga mata nitong parang batis ng luha ay nakatingin sa kinalaglagyan ng kabaong kung saan nakahimlay ang kanyang ina at binabantayan ng amang tila nawala sa sarili na marahil sa sobrang pagdadalamahati'y nakalimutang meron s'yang anak na nangangailangan ng higit pa sa pagdamay.

Tinabihan ko si Charlene at marahang hinawakan ko ang kanyang kamay.

"Tito, kasalanan ko po ito. Kung hindi ko sana niyaya sina mama at papa na…"

Marahan kong tinakpan ang bibig ni Charlene. Hindi ko hinayaang matapos ang gusto n'yang sabihin.

"Hindi hija. Walang may kasalanan sa nangyari. Aksidente iyon."

Hinawakan ng bata ang aking kamay at idinantay sa kanyang pisngi.

"May gusto ka bang kainin Charlene? Gusto mo ikuha kita ng juice o gatas?"

"Tito, hindi pa po ako gutom, Salamat na lang po."

"O heto, kahit candy lang."

Tumango si Charlene. Binuksan ko ang candy at isinubo ko sa kanya. Nginitian ako ng bata…ngiting pilit na pilit.

Bahagyang nakaramdam ako ng ginhawa ng sumandal ako sa sofa. Mula sa aking kinauupuan ay hinagod ko ng tingin ang kabaong ni Monica. Eleganteng pagmasdan ang napili ni Alfred na paglagakan sa bangkay ng asawa. Yari iyon sa metal, kahoy at fiberglass. Ngunit hindi pala kayang balutan ng kagandahan ng kabaong ang kalungkutang dala ng sinisimbulo nito…ang kamatayan.

Napansin kong humakbang papalapit si Alfred sa kabaong ni Monica. Humawak ito sa isa sa mga silver handles nito. Kitang-kita kong bumaluktot ng bahagya ang kanyang mga tuhod. Pagod na marahil si Alfred sa tagal ng pagkakatayo niya.

Tumayo ako't kumuha ng dalawang monoblock sa labas ng bahay. Inilagay ko ang isa sa likuran ni Alfred matapos kong upuan ang pangalawa. Nakahinga ako ng maluwag nang magpasya siyang maupo.

Dahan-dahan kong hinawakan s'ya sa balikat at sinabi kong, "Sa gitna ng pagdadalamahati mo ay h'wag mo sanang makalimutan na may anak ka ha."

Dapat kong paalalahanan ang kapatid ko tungkol sa bagay na iyon. Hindi ko papayagan na hahayaan ni Alfred na daanan ni Charlene mag-isa ang landas ng kalungkutan at pagluluksa. Tama, nandoon kami ng aking asawa upang tulungan at damayan sila dahil kami ay kapamilya. Ngunit may mga bagay at pangangaylangan na tanging ang mga magulang lamang ang may kakayanang magbigay sa kanilang mga anak lalo na sa ganoong pagkakataon. Ito ang nais kong ipaunawa kay Alfred.

Nasa peligrosong kondisyon si Charlene. Nakakatakot na sa murang edad n'ya ay nasaksihan n'ya ang malagim na nangyari sa kanyang ina habang s'ya nama'y nasa gitna din nang matinding panganib. Inaako pa naman n'ya ang sisi sa nangyari. Kaya nga napakahirap tantyahin kung ang mga luhang bumabalong sa mga mata ng bata ay dulot ng magkahalong kalungkutan at pagsisisi mula sa pagkamatay ng kanyang ina o dahil sa s'ya ay sobrang na-trauma nang siya ma'y nakipambuno kay kamatayan. Maaaring pareho.

Mahirap para kay Alfred ngunit hindi maaring magpakalunod s'ya sa lawa ng kalungkutan at kalimutan si Charlene. Dapat pilitin n'yang lumutang, sagipin ang kanyang anak at sabay silang lumangoy papuntang kaligtasan.

"Kuya Bob?"

Sa wakas ay tinapos ni Alfred ang kanyang pananahimik.

"Bakit ganito ang nangyari?" Ang tanong ng kapatid ko.

Simpleng tanong na kay hirap sagutin.

Di ko magawang tumingin kay Alfred. Walang kasi akong mahagilap na kasagutan sa kanyang katanungan. Ilang beses na ba akong nakarinig ng ganung tanong mula sa mga taong biglaang iniwan ng kanilang mga mahal sa buhay. Wala akong narinig na tamang sagot. Walang makapagpaliwanag nang maayos kung bakit nangyayari ang ganun.

Sa pagkakataong iyon ay ako na mismo ang tinatanong . Paano ko nga ba sasagutin ang kapatid ko? Madali sanang sagutin kung sa katandaan namatay si Monica o kaya'y merong siyang malubhang karamdaman. Kung masamang tao sana ang hipag ko… magnanakaw… nangangalunya… mamatay-tao… eh di kaydaling sabihin karma n'ya iyon. Pero hindi eh. Napakabuting tao ni Monica. Matulungin at mapagpakumbaba. Huwarang asawa at ina. Ito ba ay ang madalas na pabirong sabihin ng ilan na ang mga mababait na tao ay madali raw mamatay.

Sasagutin ko ba si Aldred sangayon sa paniniwala n'ya. Na ang lahat ng bagay na nangyayari sa mundo ay sang-ayon sa kagustuhan ng Panginoon. Tama bang sabihing kong kalooban ng Diyos na mamatay si Monica kaya't dapat niya itong tanggapin at h'wag kwestyonin dahil may mas magandang plano para sa kanya.

Tama bang sabihin kong wala s'yang magagawa dahil ganun umikot ang gulong ng kapalaran nilang mag-anak.

Napakadami ng tanong na kay hirap hanapan ng tamang kasagutan. Katulad ng pinahihintulutan ba ng Diyos na mangyari ang mga hindi magagandang bagay sa mundo

katulad ng kasamaan, malubhang mga sakit, digmaan at mga malalagim na aksidente na kumikitil ng buhay ng tao? Ang Diyos ba'y may kinalalaman sa mga ito o ang tao mismo ang may kagagawan? Ang mga ito ba'ypinahihintulutan ng Panginoon upang sukatin ang pananampalataya ng tao?

Tama bang sabihin na ang pangyayaring iyon ay ang sa kanila'y nakatakda o dapat kong sabihin na nangyari ang trahedyang iyon dahil nagkamali si Alfred ng desisyon na dalhin ang kanyang pamilya sa gitna ng ilog sakay ng kanilang speedboat nang hapong iyon.

Ilang beses ko na ba kasing pinaalalahanan ang kapatid ko na mag-ingat tuwing sila'y papalaot sa ilog. Bakit kasi doon pa nila gustong abangan ang paglubog ng araw.

**********

Mula pagkabata ay nakagawian na namin ni Alfred ang magpunta sa pampang ng ilog at doo'y abangan ang paglubog ng araw. Napakaganda kasing pagmasdan ng tubig na parang nagiging kulay ginto kapag nadantayan ng sikat ng papalubog na araw. Iyon marahil ang isa sa mga dahilan kung bakit tuwing hapon ay maraming namamasyal doon.

Malawak ang ilog na iyon na nakarugtong sa isa pang mas malaking ilog. Ang puno ng ilog ay nasa bulubunduking bahagi ng aming probinsya kaya't pagkaminsan ay mga naanod na kahoy at mga patay na hayop. Maganda ang puwesto namin sa dahilang ang kabilang pampang ng ilog na halos isang kilometro ang layo ay paanan ng isang bundok na nilulubugan ng araw. Ito'y magandang tanawin, mapanganib nga lamang dahil doon pinakamalakas ang agos dahil malapit ito sa dugtungan ng dalawang ilog.

Noong kami ay nasa hayskul ay gumawa si Alfred ng balsang yari sa kawayan. Niyaya n'ya akong puntahan namin ang gitna ng ilog at doon daw namin abangan ang paglubog ng araw. Marunong akong lumangoy ngunit parang ako'y atubiling abutan ng dilim sa gitna ng ilog kaya't hindi ako sumama bukod na nga sa nangangamba ako na baka matyempuhan namin ang malakas na agos. Taon-taon kasi ay may mga nalulunod doon.

Madalas kong pigilan si Alfred ngunit gagawin niya kung ano ang gusto n'yang gawin.

Sa pampang din ng ilog na iyon n'ya nakilala noong kami'y nag-aaral na sa kolehiyo ang isang dalagang bakasyunista…si Monica. Doon nagsimulang umusbong ang pagmamahalan ng dalawa. Sa pampang din ng ilog na iyon kalaunan ay tinanggap ni Monica ang yayang pagpapakasal ng kapatid ko.

Bago pa man kaming magkapatid ay nagkaroon ng asawa ay ibinili kami ng aming ateng nasa Canada ng lupa't bahay nang kalaunan ay may mga binuksang subdivisions doon. Regalo daw n'ya sa amin kapag kami'y nag-asawa.

Sa paglipas ng panahon ay dumami ang mga nanirahan doon at dahil nga nasa tabi ng ilog ay naging libangan ng mga residente ang mamangka at mangisda kaya't may mga ginawang daungan at fishing spots doon. Ang ibang nakakariwasa, katulad ng kapatid kong si Alfred, ay may mga speedboat at jet ski.

**********

Bandang hapon ng araw na iyon, habang ako'y nagdidilig ng halaman sa aming bakuran ay lumapit si Charlene at nagmano. Kasunod n'ya sina Alfred at Monica.

"Kuya, nasaan si ate Emily?" Ang tanong ni Alfred.

"Nasa loob, nagluluto. Bakit?"

"Sama kayo. Punta kami ulit sa ilog. Gusto daw makita ulit ni Charlene ang "beautiful sunset."

"Oo nga kuya, kahit minsan hindi pa kayo sumasama sa aming sumakay kay speedy." Ang dugtong ni Monica.

Speedy ang ipinangalan ni Alfred sa kangyang speedboat.

"Naku, kayo talaga, pwede namang d'yan na lang sa pampang n'yo hintayin ang paglubog na araw. Pareho lang naman iyon."

"Eh tito, mas maganda pong tignan ang sunset habang nakasakay kay speedy eh."

“Tignan mo Alfred, pati itong si Charlene eh sinanay mo nang magpunta sa gitna ng ilog.”

“Tara na tito. Sama na po kayo ni tita Emily sa amin.”

“Hindi pwede hija eh. Masama pakiramdam ng tita mo.” Ang sagot ko kay Charlene sabay pindot sa kanyang ilong at halik sa kanyang pisngi. “Ay s’ya lumakad na kayo nang makalibot muna kayo sa ilog bago lumubog ang araw. O Alfred, h’wag bibilisan ang patakbo ng speedboat. May kasama kayong bata.

“No tito. Mas gusto ko po mabilis.”

Nangiti na lang si Alfred, kibitz-balikat, at sinabing, “My princess’ wish is my command.’

“Hay naku, wala akong masabi. Like father, like daughter. Hala sige…basta mag-ingat kayo.” Ang muling bilin ko kay Alfred.

Tumango si Alfred.

“Ay siyanga pala, kadaraan lang ng bagyo noong isang linggo. Kaninang umaga nadaan ako d’yan sa may ilog napansin kong malakas ang agos. Baka may mga naaanod pang kahoy o ano mang bagay d’yan. Kaya hinay-hinay lang kay speedy.

Lumapit sa akin si Monica. Yumakap at sinabing, “Ang swerte naman ni Alfred na may napakabait s’yang kuya. Basta kuya, aalagan mo sila palagi ha.”

Naglalakad na papuntang ilog ang mag-anak ng biglang bumalik si Charlene.

“Tito, hawakan mo muna itong i-phone ko. Baka po kasi mabasa.”

“O, di ba water-proof ito?”

“Basta po hawakan n’yo muna tito.”

Habang papalayo sila’y naisipan kong kuhanan sila ng picture gamit ang i-phone ni Charlene.

“Teka, teka…” ang pahabol kong sigaw kina Alfred. “Picture, picture muna.”

Pinagbigyan ako ng tatlo. Tumigil sila't nag-pose. Kinuhanan ko ng ilang shots ang mag-anak.

Inihatid ko sila ng tanaw hanggang sila'y makarating sa may daungan. Lumingon si Monica. Kumaway pa ito sa akin habang sinisimulan ni Alfred na paandarin ang speedboat. Tumango ako bilang tugon.

Umusod na papalayo sa daungan ang mag-anak.

Umupo ako sandali sa damuhan at inusisa ang mga kinuha kong larawan ng mag-anak. Nagulantang ako ng makitang sa isang kuha nila'y parang naghitsurang walang ulo si Monica.

Naala-ala kong bigla ang mga madalas ikwento ng mga matatanda noon tungkolsa mga masamang mga pangitain. Naala-ala ko rin ang mga huling salitang sinabi sa akin ni Monica. Ako'y lubhang nangilabot…kinabahan…natakot. Pakiramdam ko'y may masamang mangyayari.

Mabilis akong naglakad papuntang daungan. Nais kong pigilan ang mag-anak. Dapat ko silang pabalikin at pakiusapang h'wag na munang tumuloy. Ngunit paano ko gagawin iyon gayong nakalayo na sila sa pampang.

Sinubukan ko pa rin.

Nang marating ko ang daungan, para akong sira ulong nagsisisigaw paulit-ulit na tinatawag ang pangalan ni Alfred. Subalit tila hindi nila ako nadidinig. Nilulunod marahil tunog ng makina ng speedboat ang aking boses. Nagkataon namang silang tatlo'y nakatingin sa direksyon ng bundok.

At katulad ng dati, mabilis ang takbo ni speedy.

Napansin kong may ilang kapit-bahay kaming nagtititinginan sa akin marahil nagtataka kung ano ang nangyari. Patuloy pa rin ako sa pagsigaw kay Alfred. Ngunit hindi nila talaga ako madinig o mapansin.

Panandalian lamang na inihiwalay ko ang akin paningin sa mag-anak upang maupo sa

isang bato sa daungan. At sa isang iglap, bago pa man ako makaupo ay nakarinig ako ng parang isang malakas na parang lagabog. Nang ibalik ko ang aking paningin sa ilog ay nasaksihan ko kung paano sumirko patagilid ang speedboat at tumilapon sa magkakaibang direksyon sina Alfred, Monica at Charlene.

Nangyari ang kinatatakutan ko.

May ibang nandoon na nakakita sa pangyayari. May mga kababaihang nagsisigaw at humihingi ng tulong.

Bakit nagkataong walang ibang speedboat o jet ski man lang sa oras na iyon na magagamit sana namin upang saklolohan sina Alfred. Tanging isang balsang yari sa kawayan ang nakita ko sa may daungan. Sinakyan ko ito kasama ang dalawang kapitbahay naming kalalakihang gustong tumulong. Gamit ko ang isang tikin upang pagalawin ang balsa. Ang dalawa kong kasama'y mga tsinelas ang ipinangsagwan. Malakas ang agos ng tubig sa ilog. Tingin ko sa halip na papalapit ay parang papalayo kami sa nilibugan ng speedboat.

Medyo man may kalayuan ay tanaw kong nagsilutang ang tatlo. Tanging si Alfred lamang ang marunong lumangoy sa kanila. Tiyak kong siya ang lumangoy papunta sa direksyon nang hindi ko matiyak kung si Charlene o si Monica. Hindi pwedeng sabay na sagipin ni Alfred ang dalawa. Mamimili s'ya kung sino ang uunahin at umasa na masasagip n'ya pareho ang kanyang mag-ina.

Kitang-kita ko kung paanong ang mag-ina ni Alfred ay lulubog at pagkatapos ay lilitaw. Ang isa sa mag-ina n'ya ay nasa malapit na sa pinagdudugtungan ng dalawang ilog kung saan mas malakas ang agos. Mas delikado ang lagay n'ya.

Nakalapit na kami ng kaunti kaya't nakita kong si Charlene ang unang sinagip ni Alfred. Lumangoy pasalubong sa amin ang aking kapatid.

Tinangay na ng agos ang sisinghap-singhap na si Monica. Ilang sandali pa'y baka tuluyan na s'yang malunod. Malayo-layo pa sa aming balsa si Alfred. Tumalon na ako upang

subukang iligtas ang aking hipag, kasunod ko ang isa sa kasama kong dalawang lalaki sa balsa.

Lumubog si Monica. Binilisan ko ang paglangoy. Nanalangin akong sana'y hindi pa huli ang lahat. Lumitaw sanang muli ang hipag ko. Pero wala na. Tuluyan na s'yang nawala.

Narating namin ang lugar kung saan lumubog si Monica. Sumisid kami umaasa na masagip namin sya kaagad.. Ilang beses kaming paulit ulit na sumisid. Nakarating na rin si Alfred sa pwesto namin. Naghiwa-hiwalay kami. Sisid…langoy ang ginawa namin hanggang malampasan na namin ang pinagdudugtungan ng dalawang ilog. Nasa kabilang ilog na kami kung tutuusin.

Marami pang dumating upang tulungan kami sa paghahanap. May mga sakay ng bangka at speedboat. Nandoon na din ang balsang ginamit namin kanina sakay na si Charlene, nanginginig,umiiyak. Nakaramdam ako ng pagod. Kumapit muna ako sa balsa.

"Tito, hanapin n'yo si mama, hanapin n'yo si mama."

Paulit-ulit na sinasabi iyon ni Charlene.

Tanging tango lamang ang naitugon ko sa aking pamangkin.

Lumipas ang siguro'y isang oras pa, ang pinakamahabang oras na naranasan ko sa tanang buhay ko. Hindi pa rin kami tumigil sa paghahanap kay Monica. Ngunit batid kong sa tagal na niyang nasa ilalim ng tubig ay halos nakakatiyak na akong patay na ang aking hipag. Isang milagro na lamang ang tanging makakapagligtas sa asawa ni Alfred.

Maya-maya pa, sa may di-kalayuan sa amin ay may sumigaw. Sa wakas ay natagpuan na si Monica. Lahat kami'y pinuntahan ang grupo ng nakahanap sa hipag ko.

Nasa loob ng isang baklad si Monica. Nakalutang. Patay na.

Kinuha namin ni Alfred si Monica at isinakay sa balsa. Malinaw mang wala ng buhay si Monica ay patuloy lang sa pagrerevive si Alfred sa kanya. Habang umiiyak si Charlene ay paulit-ulit namang hinihipan ni Alfred sa bibig ang kanyang asawa at ginagawan ng CPR at paulit-ulit din sinasabing, "Please lang Monica , mabuhay ka."

Tahimik lamang ang lahat. Hinayan ko lang si Alfred sa ginagawa nya.

May dalawang mama na tinaliang ang balsang sinasakyan namin. Hila-hila ng dalawang bangka ang aming balsa. Dahan-dahan lamang kaming hinila papabalik sa daungan. Natanawan ko ang nakataob na speedboat ni Alfred. Sa makina nito'y may may nakapulupot na lambat at alambre at sa paligid ay may ilang pirasong kawayan. Naanod na bahagi ng isang sirang baklad ang nabangga't sinabitan ng speedboat nina Alfred.

Nang makarating kami sa daungan ay buhat-buhat ni Alfred sa dalawang braso ang malamig at basang-basang bangkay ng kanyang asawa.

Nakahawak sa akin si Charlene at sinusundan namin ang aking kapatid.

Tahimik lamang kaming pinagmasdan ng aming mga kapitabahay nasa gilid ng daan. Bakas sa mga mukha nila ang pagkabigla at pagdadalamhati. Katulad ni Charlene, ang ilan sa kanila'y umiiyak.

Papalubog na noon ang araw. Katulad ng dati kay ganda nitong pagmasdan ngunit sa hapong iyon ay wala ditong pumapansin. Tila yata hindi kulay ginto ang tubig sa ilog na dinadantayan ng sikat ng papalubog na araw. Tingin ko'y kulay pula ito.